'PINAS TINALAGANG HOST NG LOSS AND DAMAGE BOARD PAHINA 4

**Publiko** NEWS PUBLISHING

*Impormasyon at Dokumentaryo*

VOL.I NO.49 * HULYO 15-21, 2024 * P20.00







**SENADO, Lungsod Pasay — Ikinatuwa ni senador Joel Villanueva ang rekomendasyon ng Department of Finance (DoF) at National Economic and Development Authority (NEDA) na permanenteng ipagbawal na sa bansa ang mga Philippine Offshore Gaming Operator (POGO).**

"It's about time! We thank our former colleague in the Senate and now Finance chief, secretary Ralph Recto, and NEDA chief Arsenio Balisacan for joining our cause in calling for the permanent ban of POGOs," hinayag ni Villanueva. *(sundan sa pahina 3)*




**KAPIHAN SA MANILA PRINCE HOTEL.** Sa mga ipinahayag ukol sa lumalaganap na tensyon sa West Philippine Sea sa media forum na pinangunahan ni Manila Hotel president Joey Lina, tinukoy ni dating Supreme Court Justice Francis Jardeleza ang halaga ng paghain ng damage suit laban sa China hindi lamang dahil sa panghihimasok sa teritoryo ng Pilipinas kundi sa pagwasak ng ating maritime resources na dapat sana'y pinakikinabangan ng sambayanang Pilipino. ***(Larawan ni Tracy Cabrera)***

## CYBERCRIME SA BANSA LUMALAGANAP

PAHINA 2

## PAANO MAIIWASAN ANG KANSER SA ATAY

PAHINA 2

## LOYALISTA SI JENNYLYN MERCADO

PAHINA 3

## KATEDRAL NG MAASIN ISA NANG NATIONAL SHRINE



**MAASIN, Leyte — Ikinatuwa ng mga mananampalataya sa Pilipinas ang paglagak sa ika-17 siglong katedral sa Southern Leyte bilang isang national shrine.**

Ayon kay Monsignor Oscar Cadayona, vicar-general ng diyosesa ng Maasin, sumisimbolo ang deklarasyon ng Maasin Cathedral bilang national shrine sa "pagbuhos ng biyaya sa lahat ng mga deboto ng Mahal nga Patrona ([Beloved Our Lady of Assumption). *(sundan sa pahina 3)*

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com

EDITORIAL

# TALASTASAN

**MAITUTURING ang katagang 'talastasan' na katumbas ng katagang 'komunikasyon' dahil ang ugat ng 'talastasan' ay 'talastas' o ang pagkalapng impormasyon; kaya nga may katagan ding 'talastasin' o alamin.**

Gayun din ang mahabang katagang 'pakikipagtalastasan' na ang ibig sabihin nam'y pagpapalitan ng impormasyon na nangyayari kapag mayroon ding 'komunikasyon'. Hindi ng aba may kayagang 'patalastas' o pagpapadala ng impormasyon sa pagitan ng panonood ng programa sa telebisyon o pakikinig ng radyo para palaganapin ang impormasyon sa nakararami.

Naging kasingkahulugan na lamang ng 'patalastas' ang 'advertisement' sa Ingles dahil ang karaniwang mensahe na dapat ipahayag sa pagitan ng mga palabas sa telebisyon at palatuntunan sa radyo ay nagbubuhat sa mga isponsor na kompanya.

Samantala, malaya rin nating nagagamit ang hiram na salitang 'komunikasyon' o 'communication' sa Ingles sa ating sariling wika. Nasa ubod ng salitang 'komunikasyon' ang salitang Latin na 'communis' na ang ibig sabihin ay pangkaraniwan; kaya naman may salita sa Ingles na 'common'.

Sa salitang Latin na 'communis' din kaya may salitang 'community' o pamayanan at 'communion' o komunyon na karaniwang naririnig natin sa banal na misa. Lahat ng mga salitang ito ay mula sa 'communis' o pangkaraniwan.

# PAANO MAIIWASAN ANG KANSER SA ATAY

**MAARING maibsan ang banta ng kanser sa pamamagitan ng regular na ehersisyo, pagbabantay sa timbang, pagkain ng malulusog na pagkain upang maiwasan ang fatty liver disease at, lalo na, ang paglimita sa pagkonsumo ng mga inuming mayroong alkohol.**

Ito ay ayon kay Dr. Marcella Abunahman Pereira na nagsabing mahalagang maiwasan ang impeksyon sa mga virus na sanhi ng hepatitis B at C. Kaya nga importanteng mabakunahan laban sa hepatitis B. Walang bakuna laban sa hepatitis C, na nakukuha sa pamamagitan ng pagsalin ng dugo at pakikipagtalik. Itigil ang intake ng mga male hormone o anabolic steroid at iwasan din ang exposure sa arsenic.

Ayon naman kay Dr. Akshara Mudigonda, ang hepatitis B at C infection ay maaaring maging dahilan ng liver cancer, kaya puwedeng mapigilan sa pamamagitan ng pagpapabakuna.



Umiwas sa alcohol abuse at paninigarilyo. Nasangkot na rito ang obesity at diabetes. May ilang mga kemikal tulad ng vinyl chloride na may kaugnayan sa liver cancer.

Sinabi naman ni Dr. Ilya Aleksandrovskiy na maaaring mapigilan ang pagkakaroon ng kanser sa atay sa pamamagitan ng tatlong pamamaraan: 1) pag-iwas sa pagtrato ng hepatitis B at C 2, pagbabawas sa pagkonsumo ng alkohol at tabako, at pag-iwas sa sobtang pananaba o obesity. ***(Noel Lontoc)***

# CYBERCRIME SA BANSA LUMALAGANAP

**KAMPO CRAME, Lungsod Quezon — Tumaas ng 21.8 porsyento ang mga kaso ng cybercrime sa bansa sa unang yugto ng taon kumpara sa parehong panahon noong 2023, ayon sa Philippine National Police-Anti Cybercrime Group (PNP-ACG).**



Ayon kay PNP chief Lieutenant General Rommel Francisco Marbil, nangunguna sa mga kaso rito ang online selling scam, credit card fraud at investment scam.

Dahil dito, iniutos ni PNP Chief General Rommel Francisco Marbil sa lahat ng opisyal ng pulisya at gayun din ang mga lokal na opisyal ng pamahalaan na pagtuunan ng pansin ang kaligtasan ng kanilang mga komunidad upang maiwasan ang lumalalang problema.

Aniya, kailangan umanong paiigtingin ng pulisya ang kanilang mga checkpoint at pagpapatrolya habang naka-focus naman ang mga itinalagang cyber cop sa mga internet crime upang mapangalagaan ang publiko.

Umapila rin si Marbil sa mamamayan na ipaalam agad sa kanila ang anumang pang-aabuso ng mga tauhan ng PNP at makipag-ugnayan agad sa kanyang tanggapan at sa PNP Hotline na 117 o 911; Anti-Cybercrime Group: (02) 414-1560; at Internal Affairs Service: (02) 723-0401 hanggang 20. ***(Ric Sakai III)***

# PURO PANGAKO PERO WALA NAMANG AKSYON

*If voting changed anything, they'd make it illegal.*
*— Political activist Emma Goldman*

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — May punto si television host Willie Revillame sa kanyang deklarasyon na ipagpapatuloy niya ang paninilbihan sa publiko kahit kinansela niya na ang planong pagtakbong sendor sa mid-term elections sa susunod na taon.

Binigyang-diin nito na kahit walang posisyon sa gobyerno, ang sinumang nagnanais na makatulong sa kapwa ay maaaring gawin kung tunay may pusong matulungin. Kaya niya umanong gawin ito kahit isa lang siyang entertainer at host ng isang TV show.

Nagdesisyon si Revillame na kanselahin ang kanyang kandidatura makaraang anim na buwan na dineklara ang kanyang intension na pumasok sa larangan ng politika. Ang dahilan, aniya, ay may kinalaman sa kasalukuyang situwasyon ng ating politika na nagpapalaganap ng hindi pagkakasundo.

Sinabi niyang 'frustrated' sa mga kaganapan sa politika dahil walang pagkakaisa: "Sa nangyayari ngayon, paano ka papasok? Ang hirap. Awayan nang awayan."

Bukod pa rito, tinukoy din ni Revillame na sa ilalim ng kanyang bagong kontrata sa TV5, pinagbabawal siyang lumahok sa politika: "I'll be honest, I have a contract with TV5. (It said), no politics."

Nagkomento rin siya sa karakter ng ilang mga politico para magparunggit ukol sa reyalidad ng paglilingkod sa publiko: "Ano bang gusto ng mga nasa politika? They have the money, and of course, the power. Maraming may pera, walang power. Iyon ang big difference para sa akin."

Tuloy pa niya: "Anong power ko? (Noontime) show. Ilang presidente, after six years, nand'yan pa rin iyong 'Wowowin'. Ilang taon na ko sa noontime show."

Lumilitaw na may timbang ang sinasabi ni Revillame ukol sa pinangangalandakang public service ng mga kandidato at nanunungkulan sa ating pamahalaan—puro na lang pangako para sa pinakamaganda subalit wala naming pagtupad sa mga sinabi sa mamamayan. Tandaan lang na sarili naming opinyon ito . . . ***(Cip D.C. Cabrera)***

# KABIGUAN SA RIGA

**MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Tunay ngang nakakalungkot na makitang maglaho ang mithiin ng ating pambansang koponan na malahok sa nalalapit na Olimpiyada sa Paris, France makaraang mabigong talunin ang world's number 12 Brazil sa semifinals ng Fédération Internationale de Basketball (FIBA) Olympic Qualifying Tournament (OQT) sa Riga, Latvia.**

Lamang ng anim na puntos sa halftime, sadyang napako sa gayun ding puntos ang Gilas Pilipinas sa ikatlong yugto ng laban dahil na rin sa kanilang 'error-filled play' o hitik sa palpak na laro sa huling bahagi hanggang sa tuluyan nang sumuko sa katunggali.

Napakalayo ito sa ipinakita ng ating koponan nang paluhrin ang world number 6 at host Latvia at kalusin ang number 23 na Georgia para panagsakin ang dalawang basketball heavyweight sa group phase ng torneo.

Gaya nang nabanggit, ang pagkatalo sa Brazil ay sanhi ng hitiki na mga kapalpakan ng ating team na humantong sa ating pagkatalo.

Muling may mga komento ukol sa aing katatagan sa harap ng kabiguan—may ilang nagsasabi na lagi tayong nakakakita ng liwanag sa gitna ng kadiliman, kaya okay lang na matalo dahil hindi naman inaasahan talaga na mapapasama ang Gilas Pilipinas sa OQT.

Ang totoo, parang umaakyat sa matarik na bundok ang pag-akyat nating mga Pinoy para sumikat sa larangan ng basketball, lalo na ngayong ang ibang mga bansa, hindi gaya natin, ay talagang sinusuportahan ang kanilang mga atleta sa lahat ng pamamaraan para sila'y maging mahusay sa kani-lanilang disiplina sa palakasan. Bukod pa rito ang katotohanang ang basketball ay isang laro para sa matatangkad na player at hindi lang bilis at galing sa pagbuslo ng bola ang mahalaga.

Sa laban kontra Brazil, nagpamalas ng 18-0 run ang mga Latino sa number 37-ranked na mga Pinoy, na hindi man lang naka-iskor sa mahigit anim na minute sa katlong yugto ng kanilang laban.

Isa nakitang maaaring dahilan ng pagkatalo ng Pilipinas ay ang pagkawala ni Kai Sotto, na nasaktan ang kanang tadyang sa laban kontra Georgia.

Punto ng ating national coack Tim Cone: "We don't want to make excuses but losing Kai was big for us because that took away depth in our frontline and forced June Mar to have to overplay minutes and that kind of all mushroomed right there."

Idinagdag din nito, "The bottom line is we weren't just good enough tonight, and we got to be better."

Ang tanong, kaya pa nga bang maging 'better' ang Team Philippines? ***(Heidi Nicodemus)***

Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# NASA KAMAY NG MAMAMAYAN ANG MAGANDANG KINABUKASAN

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Batay sa pinakahuling pagaaral ng Social Weather Survey (SWS), 44 na porsyento ng mga Pilipinong nasa tamang edad ang naniniwalang gaganda ang kanilang buhay sa susunod na 12 buwan. Gayun ding porysento ang nagsabing mananatiling pareho ito habang 7 porsyento naman ang nangangambang lalala ang situwasyon at ang nalalabing 5 porsyento ay alinlangan sa kanilang kuru-kuro.**

Ang resulta ay Net Personal Optimism score na +37, na itinuturing na mataas.

Hindi maikakaila na sa ilalim ng administrasyong Duterte, maraming Pilipino ang nagkaroon ng pag-asa sa mga ipinangakong pagbabago ng dating pangulo. Ang mataas na Net Personal Optimism noong mga unang taon ng kanyang termino ay patunay ng pag-asa ng marami sa ating mamamayan ang naniniwalang gaganda ang kanilang kalagayan.

Dahil din naman ito sa mga isinulong ni Tatay Digong na kampanya laban sa droga, pagsugpo sa kriminalidad at pagpapabuti ng ating ekonomiya. Nahagi ang mga ito sa pangunahing plataporma ng dating punong ehekutibo na nagbigay ng pag-asa sa sambayanang Pilipino.

Bagama't maraming kontrobersya ang bumalot sa kanyang termino, tulad ng mga extrajudicial killing (EJK), paglabag sa karapatang pantao at malawakang korapsyon, marami ang naniwala na ang kamay na bakal ni Digong ang susi sa pag-unlad ng bansa. Sa huli, marami ang naging dismayado sa mga hindi natupad na pangako.

Nadagdagan pa ito ngayon ng mga naglalabasan kuwestyonableng polisiya, tulad ng pakikipagkasundo sa China at ang pagpasok ng Philippine Offshore Gaming Operator (POGO) na ngayo'y sentro ng atensyon (at imbestigasyon) sanhi ng mga iligal na mga gawain, kabilang na ang human trafficking at torture ng mga kawaning natatrabaho dito.

Sa pag-upo ni Marcos Jr., isang malaking tanong ang sumalubong sa bawat Pilipino. Magpapatuloy ba ang pagasang ito o maglalaho? Sa kabila ng mga pangakong pang-ekonomiya at politika, marami ang nag-aalala kung ito ba ay magiging totoo o isang ilusyon lamang.

Hindi pa tuluyang masasagot ito dahil kung tunay ngang mapapabuti ang buhay ng bawat Pilipino, ang kasaysayan ang siyang maghuhusga. Sa ngayon, ang pag-asa ay nasa kamay ng bawat isa, ngunit ang aksyon ay nasa kamay ng pamunuan ng ating pamahalaan. ***(Willie Caliwan)***

# LOYALISTA SI JENNYLYN MERCADO



**TUNAY na mahusay na aktres si Jennylyn Mercado at marami pa itong maibibigay sa mga katauhang tunay na hahamon at mas lalong magpapa-igting sa kanyang kakayahan bilang artista.**

Bagay pa rin kay Jennylyn ang maging kontrabida at puwedeng-puwede rin siyang maging host sa mga special musical show kung saan bibigyang pugay ang mga kompositor ng orihinal na musikang Pilipino. Bukod pa rito ang maaari niyang pasukin na mga talk show na mala-Confessions of a Young Mommy Dearest.

At mapupuri din kay Jennylyn ang pagiging loyalist. Sa totoo lang, it always pays to be loyal, lalo na nga't ang tulad niya ay lakas at yaman ng GMA network.

Original na StarStruck Female Victor, tuloy na tuloy pa rin sa pagiging isang Kapuso! Mismong ang kanyang kampo na ang naglahad sa isang opisyal na pahayag na mananatili siyang pinaka-istariray na StarStruck The Originals.

Umugong kasi ang chikang magsasakabilang bakuran na ito, lilipat sa ABS-CBN Studios, matapos ngang magka-proyekto si Mercado sa Star Music. Pinagpiyestahan rin ang chikang patapos na ang kontrata nito sa network sa Kamuning kaya wala na hadlang pa ang paglipat.

So, ngayon namang walang lipatan na mangyayari, ang kampo mismo ni Jen ang nagsabing "loyal" at "grateful" ito.

Ngayong si Jennylyn Mercado ay Kapuso pa rin, umaasa ang kanyang mga fan niya na mas panalong mga proyektong pang-telebisyon at pelikula ang maibibigay sa kanya. ***(Genesis Pedrozo)***

# PANGALAGAAN ANG MASUNGI GEOPARK

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Nakipag-isa ang Catholic charity group na Caritas Philippines sa mga global celebrities sa panawagan na pangalagaan ang Masungi Georeserve na kilala bilang conservation area sa lalawigan ng Rizal.**

Lalong lumakas ang panawagan para sa proteksyon ng binansagan ding 'green corridor' sa Baras ng matatagpuan 48 kilometro lang ang layo sa Maynila, kasunod ng pahayag ng Hollywood aktor na si Leonardo DiCaprio nitong nakaraang Hulyo 4.

Sa kanyang Facebook post, hinimok ni DiCaprio si Pangulong Bongbong Marcos Jr. "na mag-intervene at patuloy na protektahan Masungi." Idinagdag ng actor na noong late 1990s, Malaki bahagi ng georeserve ang nakalbo sa illegal deforestation.

Ito ang dahilan kung bakit nagsagawa ang mga local na komunidad sa Baras para mapunlad ang Masungi na nagbunsod naman ng programa na mapangalagaan ang ecosystem dito.

Ani DiCaprio sa Ingles, "from these conservation initiatives, trees were able to grow taller, wildlife numbers slowly increased, and more locals became involved in protecting this ecosystem."

"Now this success is in jeopardy, as the Department of Environment and Natural Resources threatens to cancel the agreement that protects this area from prolific land grabbing activities," sabi pa nito.

"This cancellation would set back the success of an internationally acclaimed conservation effort and leave the area vulnerable again to mining, logging, and illegal developments."

Pinuri naman ni Jing Rey Henderson, head of communications and partnership development ng Caritas Philippines, ang actor sa muling pagtalima sa kanyang pananaw ukol sa geopark.

"Thank you for getting involved in the issue. I hope, we Filipinos, our voice will be heard more. We should be the first to voice our opposition to any move that will destroy our natural resources and ecosystems," punto ni Henderson.

Tama 'yan . . . ***(Danny Singh)***

# WALANG IMPOSIBLE SA MASIPAG

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Hindi tayo dapat magpadaig sa mga hamon ng buhay na ating kinakaharap.**

Ang totoo, bahagi ang mga iyan ng ating buhay kaya hindi sapat tayong sumuko sa anumang problema na dumarating.

Setbacks are part of life. It is the way we deal with these events that matters most. We must remember that success comes from effort and development, not from being gifted. Pagsisikap at pagpapabuti sa sarili ang mahalaga para tayo magtagumpay.

Tulad nga ng sinabi ng paham na si Confucius, "Our greatest glory is not in never failing, but in getting up every time we do." Sa madaling salita, hindi dapat na ikatakot, ikahiya o maging sanhi ng pag-ayaw ang pagkabigo. Ang mahalaga ay ang muling pagbangon tuwing ito ay mangyayari sa iyo.

Sa lahat, dapat tayong matutong humubog ng magandang bukas na puno ng sigasig, tiyaga, dedikasyon, lakas ng loob at kasipagan. Kapag taglay natin ang ganitong mga katangian, walang imposible. ***(JT Leonardo C. Santos)***

# IPAGBABAWAL NA...

MULA SA PAHINA 1

Ayon sa Bureau of Internal Revenue, P10.321 bilyon lang ang nakolekta mula sa mga POGO nitong nakaraang taon, na mas mababa pa sa kalahati ng P24 bilyong revenue projection ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCor).

Kasunod ng ulat na ito, sinabi ni Villanueva na kailangang mapagusapan kung ano ang pananaw ng mga economic manager ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ukol sa mga POGO.

Pinuri ng senador ang Department of Labor and Employment (DoLE) sa plano ng kagawaran na tulungan ang mahigit 22,000 mga trabahante na mawawalan ng hanapbuhay sakaling maipatupad na ang pagbabawal ng POGO.

"For our part, we have been pushing for the laws and policies which will not only ban POGOs but all forms of online gambling," aniya.

Nanawagan si Villanueva sa kanyang mga kasamahan sa Senado na iprayoridad ang Senate Bill No. 1281 na naglalayong ipagbawal ang lahat ng uri ng online gambling sa bansa. Sadyang inaayawan nito ang POGOs simula pa noong mahalal siya bilang mambabatas noong 2016.

"Pagkaupo palang po natin sa Senado, isa na po sa tinutukan natin ang pagpapaalis ng mga POGO sa bansa. Mula noon, hanggang ngayon, naninindigan po tayong walang magandang benepisyo ang mga ito," punto nito.

# KATEDRAL NG...

MULA SA PAHINA 1

Bagay sa bagong titulo nito, ang katedral ay masasailalim sa pangangasiwa ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP).

Kilala bilang Diocesan Shrine of Our Lady of the Assumption, ito ang kauna-unahanag national shrine sa Eastern Visayas region, na binubo ng anim na lalawigan at tahanan ng anim na milyon na ang karamihan ay mga Katoliko.

Hinayag ang paglagak ng parangal sa katedral sa ika-128 plenary session ng CBCP sa Cagayan De Oro City noong Hulyo 6, 20924.

Sa pagiging isang national shrine, binigyan ng pagkilala ng CBCP ang kahalagahan ng Maasin Cathedral bilang "sentro ng debosyon at pilgrimahe."

"Umaasa kaming dadalawin ito ngmaraming mga deboto at pilgrim mula saiba't ibang panig ng kapuluan," anoi Cadayona.

Ayon naman kay Mayor Nacional Mercado, ang parangal sa Maasin Cathedral ay nagbigay daan para ituring ang lungsod ng Maasin bilang 'pilgrim capital' ng Eastern Visayas.

"We are honored and blessed that our cathedral has been awarded national shrine status," punto ni Mercado sa panayam ng UCA News.

Bukod sa Katedral ng Maasin, ang Diocesan Shrine of Our Lady of Mercy sa Novaliches sa Lungsod Quezon City ay kinilala din bilang national shrine ng mahigit 70 obispo na umalo sa pagpupulong.

Pinaghahandaan na ng Simbahang Katoliko ang pagdiriwang para sa Maasin.

Naging parolya ang Maasin, na may mahigit na 85,000 residente, sa ilalim ng pangangsiwa ng mga Hesuwita noong 1771. Sa takeover naman ng mga Franciskano, inilaan ang parokyo sa debosyon sa Our Lady of the Assumption noong 1843.

Nang dineklara ang simbahayn bilang katedral noong 1968, inalagay ng diyosesa ng new Maasin ang Our Lady of the Assumption bilang patron.

VOL.I NO.49 * HULYO 15-21, 2024

Publiko
NEWS
PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

## Wika ng Diyos

**Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan.**

**– Isaias 9:6**

# SINO'NG HAHADLANG SA SISTEMANG BULOK?

**SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Hindi biro ang kasamaan dulot ng korapsyon dahil malaking dagok ito sa ating ekonomiya na nagreresulta sa malaking pagkalugi taun-taon. Sinasabing hindi bababa sa 20 porsyento ng pambansang budget ang naisisilid sa mga bulsa ng mga opisyal ng gobyernong sangkot ditto.**

Bakit nga ba sa ating bansa'y tila likas na ang Pandarambong at panunuhol? Napakaraming nakikinabang na mga sakim sa korapsyon na sa tingin nila'y hindi naman garapalan dahil bahagi lang naman mula sa kaban ng bayan ang kanilang kinkupit.

Pero sa isang ordinaryong mamamayan na nagnakaw lang ng pandesal ay may parusa agad na kulong samantalang ang mga politikong nakabarong ay milyon-milyon ang inuumit para sa pansarili nilang pakinabang.

Dekwat dito, limas doon—kaban ng bayan parang piggy bank ng iilang nakapuwesto sa ating gobyerno. Araw-araw itong nababalita na tila ba'y telenovelang walang katapusan. Padulas sa mesa, lagay sa bulsa, pera'y parang bulang naglalaho habang ang mga mahihirap nating kababayan ay nagugutom.

Ang korapsyon sa lipunan ngayo'y parang ginawang pambansang libangan at nakakabit sa kulturang magara, bahagi ng sistema ng kalokohan na tila ba'y nag-ugat na sa puso ng ating pamahalaan.

Ang magnanakaw sa mga tanggapang naka-aircon tila'y may trono.

Kaya sino ang tatayo at hahadlang ng lantaran, lalaban sa mga makapangyarihang upang maiwkasi ang sistemang bulok—mayroon ba? ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# 'PINAS TINALAGANG HOST NG LOSS AND DAMAGE BOARD




**MALAKANYANG, Maynila — Nakamit ng Pilipinas ang puwesto para maging host sa Loss and Damage Fund Board (LDFB) na magsisilbing boses ng mga bansang matinding naapektuhan ng climate change.**

Hinayag ito ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. sa kanyang social media account na kung san ipinagmalaki ng punong ehekutibo ang pagkakapili sa Pilipinas mula sa pitong mga contender.

Ayon sa pangulo, malaking karangalan para sa ating bansa na makakuha ng puwesto sa LDFB kaya tiniyak niyang isusulong at ipupursigi ng ating pamahalaan ang mga hakbang para matugunan ang epekto ng social climate na isa sa adbokasiya ng kanyang administrasyon.

Nakakuha ang Pilipinas ng puwesto sa Loss and Damage Fund Board sa 28th United Nations Climate Change Conference (COP28) sa Dubai noong December 2023.

Ipinaliwanag ni Pangulong Marcos na ang hosting ng LDF Board ay magpapalakas sa hangarin ng Pilipinas na masigurong maririnig ang boses ng mga bansang matinding naapektuhan ng climate change para makabuo ng mga pagdaigdigang polisiya patungkol sa klima. ***(Ed Dayot)***

# PNP COMMAND CONFERENCE TACKLES PUBLIC SAFETY AND CRIME PREVENTION STRATEGIES

**On July 15, 2024, the Philippine National Police (PNP), under the leadership of Police General Rommel Francisco D. Marbil, convened a Command Conference at the PNP Main Conference Room in Camp Crame. The meeting brought together chiefs, directors, and key personnel to address pressing issues related to public safety and law enforcement strategies across the country.**

The conference covered a wide array of topics, including the enhancement of public safety measures, a comprehensive review of current crime statistics, and updates on operational strategies aimed at improving crime prevention and resolution rates. PNP officials also discussed the implementation of new policies designed to strengthen the force's capacity to maintain peace and order.

A key focus of the meeting was the efficient allocation of resources to ensure that police units across the country are well-equipped to meet the challenges of maintaining security. In addition, the conference highlighted the importance of strengthening community engagement and cooperation with local stakeholders, emphasizing that public safety is a shared responsibility between the police force and the communities they serve.

General Marbil reiterated the PNP's commitment to upholding peace and security nationwide, underscoring that the Command Conference is a vital platform for evaluating and refining the PNP's approach to safeguarding the Filipino people.

The ongoing efforts of the PNP to adapt and improve in response to evolving security concerns reflect its dedication to ensuring a safer environment for all citizens.




Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com